

MagPabakuna Para MaPanatiling Malusog ang mga Bata!

Palaging mas mabuting umiwas sa sakit kaysa gamutin ito. Ang mga bakuna ay nagpoprotekta laban sa mga sakit na nagdulot na dati ng malubhang sakit, kapansanan, kamatayan, kasama ang COVID-19. Sa paggamit ng kaunting antigen, o mga mikrobyong nagdudulot na magkaroon ng reaksyon ang resistensya (immune system), tumutulong ang mga bakuna sa katawan ng iyong anak na makilala at matutunang labanan ang mga malubha at posibleng nakamamatay na sakit. Ang pagsunod sa **inirerekomendang schedule ng pagpapabakuna** ay tumutulong na matiyak na protektado ang iyong anak sa 14 na sakit bago siya makarating sa edad na 2, kasama ang:

- Polio
- Flu
- Measles
- Mumps
- Whooping Cough
- Chicken Pox

Alam Mo Ba?

Ang mga batang may mga kapansanan ay mas mataas ang panganib na magkaroon ng mga sakit na maaaring maiwasan sa pamamagitan ng bakuna. Maaari rin silang magkaroon ng mas maraming malubhang sakit, matagal na pagkakaospital, at mas mataas na panganib ng pagkamatay. Iminumungkahi ng American Academy of Pediatrics (AAP) sa mga batang may mga kapansanan na sundin ang mga rekomendasyon ng CDC sa pagpapabakuna para isulong ang mabuting kalusugan.

Mga Impormasyon tungkol sa Bakuna

Tinantiya ng CDC na ang pagbabakuna ng mga bata na ipinanganak sa pagitan ng 1994 at 2018 ay pinigilan ang:

- 419 na milyong sakit
- 26.8 na milyong pagkakaospital
- 963,000 pagkamatay

May mga Tanong o Alalahanin?

Ang mga bakuna ay ligtas at mabisa. Ang mga ito ay masusing sinusubukan sa pamamagitan ng pananaliksik mula sa mga nangungunang doktor, propesyonal sa kalusugan ng publiko, at mga siyentipiko. Napakabihira ng mga malubhang hindi magandang epekto. Maaaring masagot ng provider ng pangangalagang pangkalusugan ng iyong anak ang anumang tanong at magbahagi ng pinakabagong impormasyon tungkol sa lahat ng bakunang inirerekomenda para mapanatiling malusog ang iyong anak, kasama ang mga bakuna at booster para sa COVID-19.

Alamin Pa ang tungkol sa Mga Bakuna para sa Iyong Anak mula sa CDC:
<https://www.cdc.gov/vaccines/parents/index.html>

Mga Sanggunian:

- Making the Vaccine Decision: Addressing Common Concerns (CDC): <https://www.cdc.gov/vaccines/parents/why-vaccinate/vaccine-decision.html>
- Reasons to Follow CDC's Recommended Immunization Schedule (CDC): <https://www.cdc.gov/vaccines/parents/schedules/reasons-follow-schedule.html>
- Diseases You Almost Forgot About (Thanks to Vaccines) (CDC): <https://www.cdc.gov/vaccines/parents/diseases/forgot-14-diseases.html>
- Vaccines for Children Infographic: Protecting America's Children Every Day (CDC): <https://www.cdc.gov/vaccines/programs/vfc/protecting-children.html>
- Bray, A.W. & Peck, J.L. (2022, June 23). Vaccination Strategies to Keep Children with Special Needs Healthy. Clinical Advisor. <https://www.clinicaladvisor.com/print-issue/may-june-2022/>
- Vaccinating Kids with Special Needs (Henry Ford Health): <https://www.henryford.com/blog/2019/01/vaccinating-kids-with-special-needs>